


# Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 24:  
Mga Kilos na Magpapaunlad sa  
Pakikipagkaibigan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE  
**ADM**

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 24: Mga Kilos na Magpapaunlad sa Pakikipagkaibigan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Risa Mae B. Lospe
<b>Editor:</b>	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
<b>Tagasuri:</b>	Elizabeth Ysulan, Mark Lorenz Luib, Rashiel Joy F. Lepaopao Jezzine F. Salar Judith E. Ecoben, Megie M. Lillo, Jhon Rey C. Clarion, Linda T. Geraldino
<b>Tagaguhit:</b>	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit
<b>Tagalapat:</b>	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Emmanuel S. Gimena Jr.
<b>Tagapamahala:</b>	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center  
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600  
Telefax No.: (085) 342-5969  
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikalawang Markahan – Modyul 24:  
Mga Kilos na Magpapaunlad sa  
Pakikipagkaibigan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Masarap mabuhay kung maraming kaibigan. Iba't ibang ugali ang ating makasalamuha pero iba pa rin talaga kapag nakatagpo ka ng isang tunay at matalik na kaibigan. Minsan may mga bagay na hindi napagkakasunduan sa pagitan sa mga magkakaibigan pero hindi pa rin natatawaran ang saya na nadarama ng isang tunay na pagpapahalaga. Marami mang pagkakaiba at pagkakatulad ngunit ang pinakamahalaga rito ay ang pagiging totoo sa isa't isa.

Biyayang lubos ang magkaroon ng tunay na kaibigan. Sa buhay nating puno ng suliranin, bihira ang makatagpo ng totoong taong maaari mong sandalan sa hirap at ginhawa sapagkat hindi lahat ng ating nakilala ay tunay na kaibigan. Kaya naman, kinakailangang kilalanin nating mabuti ang tao at alamin natin ang katangian nito.

Sa modyul na ito, ating tatalakayin ang mga angkop na kilos na kailangan upang mapaunlad ang pagkikipagkaibigan. Lilinganin din ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Naisasagawa ang angkop na kilos upang mapaunlad ang pakikipagkaibigan. (EsP8P-IId-6.4)
  - a.1. Nakikilala ang mga angkop na kilos upang mapaunlad ang pagkakaibigan.
  - a.2. Nailalarawan ang mga angkop na kilos upang mapaunlad ang pagkakaibigan.
  - a.3. Naibabahagi ang mga angkop na kilos upang mapaunlad ang pagkakaibigan.



## **Subukin**

Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Paano mailalarawan ang tunay na pakikipagkaibigan?
  - A. bunga ng pagmamahal at pagpapahalaga
  - B. bunga ng atraksyon ng isang tao sa kanyang kapwa
  - C. naglalarawan sa bawat taong iyong makasasalamuha sa araw-araw
  - D. isang relasyon na nabuo dahil sa pangangailangang moral at pisikal
  
2. Bakit kailangang kilalang mabuti ang isang kaibigan?
  - A. Dahil ang lahat ng kaibigan ay may lihim na tinatago
  - B. Dahil may kaibigang tapat lang kapag ikaw ay nakaharap
  - C. Dahil hindi ito nanatili na pang habambuhay tulad ng pamilya
  - D. Dahil importante ang mahabang panahon para makilala ng lubusan ang kanilang kalakasan at kahinaan

Para sa Bilang 3-6.

Si Liza at Ana ay nagkakilala sa isang pagtitipon para sa mga kabataan. Naging malalim ang kanilang pagkakaibigan at ito ay nagtagal hanggang sa sila ay tumungtong sa kolehiyo. Sa tuwing may problema si Liza ay laging nariyan si Ana at ganon din si Liza kay Ana. Hindi sila mapaghihiwalay dahil magkakasama-sama sila sa ano mang gawain. Minsan ay napagkakamalang magkapatid ang dalawa ng kanilang mga guro.

Isang araw, natagpuan ni Ana na umiiyak si Liza sa sulok ng kanilang inuupahang kwarto. Nalaman nito na ang kaibigan ay hiniwalayan ng kanyang nobyo kaya ito ay labis na nasaktan ngunit sa halip na husgahan ni Ana ang kaibigan, niyakap niya ito at binigyan ng payo. Ganito rin ang ginawa ni Liza nang namatayan ng isang kamag-anak si Ana. Dinamayan niya ito sa panahon nang kalungkutan. Marami pang pagsubok ang napagtagumpayan nilang magkasama at pinatunayan nilang may pagmamahalan sa pakikipagkaibigan.

3. Nagpapakita ba ng tunay na pagkakaibigan sina Liza at Ana?
  - A. Hindi, dahil hindi naman sila nagdadamayan.
  - B. Oo, dahil bata pa lamang ay magkakilala na sila.
  - C. Hindi, dahil si Liza lang ang palaging may problema at hindi nasusukat ni Ana kung kaya rin ba siyang tulungan ng kaibigan.
  - D. Oo, dahil mahaba na ang kanilang pinagsamahan at marami na silang problemang napagtagumpayan na hindi hinuhusgahan ang isa't isa.

4. "Hindi sila mapaghihiwalay dahil magkakasama sila sa ano mang gawain."  
Ano ang ipinahihwatig ng kanilang pagkakaibigan?
- Pagdamay
  - Pakikisama
  - Katapangan
  - Pag-unawa sa damdamin
5. Paano ipinakita ni Ana ang kanyang pagdamay sa damdamin ng kanyang kaibigan?
- Sumasama ito sa mga lakad ni Liza.
  - Napagkakamalan silang magkapatid ng kanilang mga guro?
  - Pinapakopya niya ang kaibigan sa lahat ng mga pasulit at proyekto.
  - Naroon siya sa panahong nabigo si Liza sa pag-ibig upang dumamay at magbigay payo.
6. Paano naman ipinakita ni Liza ang pagtanaw ng "utang na loob"sa kaibigan?
- Binilhan niya ito ng bagong damit at sapatos.
  - Pinapakopya niya ito sa pagsulit at takdang-aralin
  - Kinausap niya ang kasintahan ni Ana na bigyan ito ng sorpresa para sa kaarawan.
  - Dinamayan din niya ito sa panahong umiiyak ang kaibigan dahil sa pagkawala ng isang kamag-anak.
7. Bakit itinuturing na birtud ang pagkakaibigan?
- lahat ng pagkakaibigan ay mabuti
  - Ito ay nagpapahalaga sa pagbabahagi ng sarili sa kapwa.
  - Makakamit lamang ang tunay na pagkakaibigan dahil sa paulit-ulit na pagdanas dito.
  - Ito ay nagpapahalaga sa katarungan at halaga ng pagbabahagi ng sarili sa kapwa.
8. Nasusukat ba ang pagkakaibigan sa haba ng panahong magkasama?
- Hindi dahil wala namang kaibigang panandalian lamang.
  - Oo, dahil ang pagkakaibigan ay mas lalong lumalalim kung kayo ay magkababata.
  - Oo, dahil ang tunay na pagkakaibigan ay nasusukat kapag matagal na kayong magkakilala.
  - Hindi, dahil ayon sa kasabihang *quality over quantity*, mas mahalaga pa rin ang lalim ng inyong pagkakaibigan higit pa sa panahong ginugol dito.

9. Ang paglalagay ng sarili sa sitwasyon ng ibang tao ay mabisang paraan upang maintindihan ang damdamin ng bawat isa. Ano ang uri ng kilos ito?
- Pakisama
  - Pag-unawa
  - Pakiramay
  - Pagtanaw ng “utang na loob”
10. Sa panahon na nararanasan natin ang *the new normal*, hindi man madalas nagkakausap, mahalaga pa rin na magkaroon ng *bonding* sa pamamagitan ng paggamit ng *social media* o kaya naman ay manood ng paboritong pelikula at pag-usapan ito pagkatapos. Anong kilos ang ipinapakita rito?
- pagdamay
  - pag-unawa
  - pakisama
  - utang na loob
11. Ipinapakita ang kilos ng maunlad na pakikipag kaibigan sa pamamagitan ng wastong paggabay sa tamang pag-uugali.
- pagdamay
  - paggabay
  - utang na loob
  - gawin ang bagay nang magkasama.
12. Hindi matutumbasan ang kasiyahang nararamdaman sa panahong kasama mo ang iyong kaibigan. Ito ay nagpapakita ng anong kilos?
- pagdamay
  - presensya
  - pagtanggap
  - gawin ang bagay nang magkasama.
13. Ano ang ibig sabihin ng *empathy*?
- pakikisama sa kaibigan
  - pagbibigay oras sa kaibigan
  - paglagay ng sarili sa damdamin ng kaibigan
  - pagtanaw ng utang na loob sa kabutihan ng kaibigan
14. Paano makatutulong ang pagtukoy ng mga angkop na kilos upang mapaunlad ang pagkakaibigan?
- sa mamagitan ng nagtagumpay na kaibigan
  - sa pamamagitan ng pagtukoy kung sino ang totoo.
  - sa pamamagitan ng pagpapanatili ng buo ang pagkakaibigan
  - sa pamamagitan ng pagpapanatili ng pagmamahal at katatagan ng pakikipagkaibigan



15. Hindi masamang pagtuunan ng oras at panahon ang kaibigan. Mahalagang magkaroon ng pisikal o virtual na pag-uusap ang magkaibigan upang linawin ang mga bagay-bagay. Anong kilos ng pagpapaunlad ng pakikipagkaibigan ang ipinapakita rito?
- A. pagdamay
  - B. pakikisama
  - C. pagtanggap
  - D. gawin ang bagay nang magkasama

## Aralin

# 1

## Angkop na Kilos na Magpapaunlad sa Pakikipagkaibigan

*“Ang pagkakaroon ng tunay na kaibigan ay tulad isang kayamanang dapat pakaingatan”*

- Anonymous

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang ay binabati na kita.



### **Balikan**

#### **Gawain 1: Tsek o Ekis**

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) sa dulo ng pahayag kung ito ay **tama** at ekis (x) kung ito ay **mali** base sa paksang tinalakay sa nakaraang talakayan. Gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

1. Ang ating kaibigan ang ating masasandalan sa oras ng kagipitan.
2. Ang kasamaan ay isang katangian na nagpapakita ng pagtulong mo sa mga nangangailangan.
3. Naipapakita mo ang pagmamahal kapag kinakamusta at inaalala mo palagi ang iyong kaibigan.
4. Ang pakikipagkapwa ay ang pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa ibang tao.
5. Pinapahalagan mo ang inyong pinagsamahan kaya ikaw ay natutong magpatawad.



### ***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa **Balikan** hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



## **Tuklasin**

### **Gawain 2: Makauugnay ka ba?**

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang tula at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

#### **Ang Aking Kaibigan**

Ni: Risa Mae B. Lospe

Ako ay sampung taong gulang pa lamang  
Nang makilala isang munting nilalang  
Di inakalang makadaupang-palad  
Sa habambuhay, ako ay tunay na mapalad

Sa hirap at ginhawa siya'y kasama  
Mensahe ng mata'y kanyang nababasa  
'Di nagsisinungaling ang damdamin  
Alam niya pag ako ay may kinikimkim

Siya nga ay may malawak na pananaw  
Pagmamahal at suporta'y umaapaw  
Isang tawag lang ay agad na lilitaw  
'Di tulad ng anino, nariyan lang pag may ilaw

Isang biyaya kung siya'y maituturing  
Landas na tatahakin ay kakayanin  
Kapwa naming aabutin mga mithiin  
Rurok ng tagumpay nakakamit nang magkapiling

#### **Gabay na tanong:**

1. Ano ang mensaheng hatid ng tula?
2. Ano ang taglay na katangian ng kaibigan ng persona sa tula?
3. Paano mo mailalarawan ang tunay na pagkakaibigan batay sa tulang binasa?
4. Nagkaroon ka na ba ng kaibigang tunay? Paano mo nasabi na siya ay tunay na kaibigan?



## ***Suriin***


Ang pagkakaibigan ay hindi lamang isang simpleng relasyon. Inilalarawan ito sa tulang binasa sa bahaging Tuklasin bilang isang malalim na pagsasamahan. Dapat din itong sinusuring mabuti sapagkat hindi lahat ng pagkakaibigan ay totoo. Ito ay bunga ng pagmamahal at pagpapahalaga sa isang taong nakilala mo nang minsan at hindi mo lubos akalaing magkakaroon ng malaking bahagi sa iyong buong pagkatao.

Tunay na maituturing na isa sa mahalagang bahagi ng buhay ay ang makahanap ng totoo at matalik na kaibigan. Mahirap kilalanin kaagad ngunit kapag naging kaibigan mo na, unti-unting lumalalim ang samahan hanggang lubusan nang makilala ang kalakasan at kahinaan, ang gusto at ayaw ng isa' t isa. Masasalaming ang malalim na unawaan na mailalarawan sa kanilang mga kilos na madaling magkaintindihan maging sa kaibuturan ng kanilang isipan at damdamin.

Naisip mo ba ni minsan na maatanong ang iyong sarili kung paano kayo naging magkaibigan? Bakit kaya sila ang naging matalik mong kaibigan?

Tila isang hiwaga sa takbo ng buhay na nagsasama-sama ang magkakatulad ng mga hilig, interes, pangarap, paniniwala at maging sa pananampalataya?

Napapalalim ng parehong karanasan o pinagdadaanan ang pagkakakilala at ugnayan. Sila ang magkasamang sumusubok ng maraming karanasan, kabiguan man o tagumpay. Sila ang magkakuwentuhan sa mga seryosong paksa o biruan man. Sila ang magkasamang ipinagpapatuloy ang mga pangarap at magagandang tunguhin sa buhay.



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 3. Kilos sa Pakikipagkaibigan**

**Panuto:** Magtala ng mga angkop na kilos upang mapaunlad ang pagkakaibigan.  
Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### **Gawain 4: I-Akrostik Mo**

**Panuto:** Bigyang paglalarawan ang bawat titik ng mga angkop na kilos na maaaring gawin upang mapagtibay ang pakikipagkaibigan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

K	
A	
I	
B	
I	
G	
A	
N	

### Rubrik sa Pagsulat ng Akrostik

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Nilalaman ng Akrostik	Lahat ng letra ay nabigyang kahulugan na naglalarawan sa angkop na kilos na gagawin upang mapabuti ang pagkakaibigan.	Mayroong 2 letra na hindi naglalarawan sa angkop na kilos na gagawin upang mapabuti ang pagkakaibigan.	Mayroong 4 na letra na hindi naglalarawan sa angkop na kilos na gagawin upang mapabuti ang pagkakaibigan.
Kabuuan			

### Gawain 5: I-slogan Mo!

**Panuto:** Gumawa ng isang orihinal na islogan na nagpapakita ng angkop na kilos sa pagpapaunlad ng pagkakaibigan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Halimbawa:** “*Ang tunay na kaibigan, ay isang biyaya*”

*Isang taong karamay mo sa lungkot man o saya”*

### Rubrik sa Paggawa ng Islogan

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Nilalaman	Komprehensibo ang nilalaman ng <i>slogan</i> . Wasto ang lahat ng impormasyon	May ilang kakulangan sa nilalaman ng <i>slogan</i> . May ilang maling impormasyon	Maraming kakulangan sa nilalaman ng <i>slogan</i> .
Organisasyon ng mga kaisipan	Organisado at may malinaw na kaisahan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa <i>slogan</i> .	Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan sa <i>slogan</i> .	Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan sa <i>slogan</i> .
Orihinalidad	Gumagamit ng mga orihinal na kaisipan at simbolismo	Ang kaisipan ay may pinagkukunang ideya mula sa ibang akda	Ang ideya o kaisipan ay hindi gaanong orihinal
Kabuuan			



## **Isaisip**

### **Gawain 6: 3-2-1**

**Panuto:** Kopyahin at punan ang *graphic organizer* sa isang malinis na papel.

**3**

*Karanasan sa aralin*


**2**

*Kaalamang nais ibahagi*

**1**

*Tanong tungkol sa aralin*





## Isagawa

### Gawain 7: Para sa aking katoto

**Panuto:** Gumawa ng isang liham pangkaibigan na ibibigay mo sa isang taong tinuturing mong tunay na kaibigan bilang pasasalamat sa mga angkop na kilos na ipinakita upang mapaunlad pa ang inyong pagkakaibigan. Gawin ito sa sagutang papel.

#### Pamatayan sa Pagmamarka

<b>Krayterya</b>	<b>Higit na inaasahan (10 puntos)</b>	<b>Nakamit ang inaasahan (8 puntos)</b>	<b>Bahagyang nakamit ang inaasahan (5 puntos)</b>	<b>Hindi nakamit ang inaasahan (2 puntos)</b>
<b>Nilalaman</b>	Komprehensibo ang nilalaman ng liham at kompleto ang 5 parte nito. Wasto ang lahat ng impormasyon	Makikita lamang ang apat na bahagi sa nilalaman ng liham. Wasto ang lahat ng impormasyon	Makikita lamang ang tatlong bahagi ng liham. May ilang maling impormasyon	Maraming kakulangan at makikita lamang ang dalawang bahagi ng liham at sa nilalaman nito.
<b>Organisasyon ng mga kaisipan</b>	Organisado at may malinaw na kaisahan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa liham.	Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan sa liham.	Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan sa liham.	Walang kaayusan ang paglalahad ng kaisipan sa liham.
<b>Kabuuan</b>				



## Tayahin

### Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasiyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Bakit itinuturing na birtud ang pagkakaibigan?
  - A. lahat ng pagkakaibigan ay mabuti
  - B. Ito ay nagpapahalaga sa pagbabahagi ng sarili sa kapwa.
  - C. Makakamit lamang ang tunay na pagkakaibigan dahil sa paulit-ulit na pagdanas dito.
  - D. Ito ay nagpapahalaga sa katarungan at halaga ng pagbabahagi ng sarili sa kapwa.
2. Nasusukat ba ang pagkakaibigan sa haba ng panahong magkasama?
  - A. Hindi dahil wala namang kaibigang hindi nagtagal.
  - B. Oo, dahil ang pagkakaibigan ay mas lalong lumalalim kung kayo ay magkababata.
  - C. Oo, dahil ang tunay na pagkakaibigan ay nasusukat kapag matagal na kayong magkakilala.
  - D. Hindi, dahil ayon sa kasabihang *quality over quantity*, mas mahalaga pa rin ang lalim ng inyong pagkakaibigan higit pa sa panahong ginugol dito.
3. Ang paglagay ng sarili sa sitwasiyon ng ibang tao ay mabisang paraan upang maintindihan ang damdamin ng bawat isa. Ito ay isang kilos na nagpapakita ng?
  - A. Pakisama
  - B. Pag-unawa
  - C. Pakiramay
  - D. Pagtanaw ng “utang na loob”
4. Sa panahon na nararanasan natin ang *the new normal*, hindi man madalas nagkakausap, mahalaga pa rin na magkaroon ng *bonding* sa pamamagitan ng paggamit ng *social media* o kaya naman ay manood ng paboritong pelikula at pag-usapan ito pagkatapos. Anong kilos ang ipinapakita rito?
  - A. pagdamay
  - B. pag-unawa
  - C. pakisama
  - D. utang na loob

5. Ito ay nagpapakita ng kilos sa pagpapaunlad ng pakikipagkaibigan na kung saan anuman ang ugali ng iyong kaibigan ay tanggap mo ito ngunit hindi ibig sabihin na hindi mo na siya bibigyan ng paggabay.
  - A. pagdamay
  - B. pagtanggap
  - C. utang na Loob
  - D. gawin ang bagay nang magkasama.
  
6. Hindi matutumbasan ang kasiyahang nararamdaman sa panahong kasama mo ang iyong kaibigan. Ito ay nagpapakita ng anong kilos?
  - A. pagdamay
  - B. presensya
  - C. pagtanggap
  - D. gawin ang bagay nang magkasama.
  
7. Ano ang ibig sabihin ng *empathy*?
  - A. pakikisama sa kaibigan
  - B. pagbibigay oras sa kaibigan
  - C. paglagay ng sarili sa damdamin ng kaibigan
  - D. pagtanaw ng utang na loob sa kabutihan ng kaibigan
  
8. Paano makatutulong ang pagtukoy ng mga angkop na kilos upang mapaunlad ang pagkakaibigan?
  - A. sa pamamagitan ng nagtagumpay na kaibigan
  - B. sa pamamagitan ng pagtukoy kung sino ang totoo.
  - C. sa pamamagitan ng pagpapanatili ng buo ang pagkakaibigan
  - D. sa pamamagitan ng pagpapanatili ng pagmamahal at katatagan ng pakikipagkaibigan
  
9. Hindi masamang pagtuonan ng oras at panahon ang kaibigan. Kinakailangan ang pisikal o *virtual* na pag-uusap upang mapag-usapan ang mga bagay-bagay. Anong kilos ng pagpapaunlad ng pakikipagkaibigan ang ipinapakita rito?
  - A. pagdamay
  - B. presensya
  - C. pagtanggap
  - D. gawin ang bagay nang magkasama
  
10. Paano mailalarawan ang tunay na pakikipagkaibigan?
  - A. bunga ng pagmamahal at pagpapahalaga
  - B. bunga ng atraksyon ng isang tao sa kanyang kapwa
  - C. naglalarawan sa bawat taong iyong makasasalamuha sa araw-araw
  - D. isang relasyon na nabuo dahil sa pangangailangang moral at pisikal

11. Bakit kailangang kilalaning mabuti ang isang kaibigan? Dahil;
- A. lahat ng kaibigan ay may lihim na tinatago
  - B. may kaibigang tapat lang kapag ikaw ay nakatalikod
  - C. hindi ito kailangang manatili nang pang habambuhay hindi tulad ng pamilya
  - D. malalim na pakikipagkapwa-tao ang pakikipagkaibigan at hindi sa lahat ng pagkakataon ito ay totoo


Para sa Bilang 12-15

Si Liza at Ana ay nagkakilala sa isang pagtitipon para sa mga kabataan. Naging malalim ang kanilang pagkakaibigan at ito ay nagtagal hanggang sa sila ay tumungtong sa kolehiyo. Sa tuwing may problema si Liza ay laging nariyan si Ana at ganon din si Liza kay Ana. Hindi sila mapaghihiwalay dahil magkakasama-sama sila sa ano mang gawain. Minsan ay napagkakamalang magkapatid ang dalawa ng kanilang mga guro.

Isang araw, natagpuan ni Ana na umiiyak si Liza sa sulok ng kanilang inuupahang kwarto. Nalaman nito na ang kaibigan ay hiniwalayan ng kanyang nobyo kaya ito ay labis na nasaktan ngunit sa halip na husgahan ni Ana ang kaibigan, niyakap niya ito at binigyan ng payo. Ganito rin ang ginawa ni Liza nang namatayan ng isang kamag-anak si Ana. Dinamayan niya ito sa panahon nang kalungkutan. Marami pang pagsubok ang napagtagumpayan nilang magkasama at pinatunayan nilang may pagmamahalan sa pakikipagkaibigan.

12. Nagpapakita ba ng tunay na pagkakaibigan sina Liza at Ana?
- A. Hindi, dahil hindi naman sila nagdadamayan.
  - B. Oo, dahil bata pa lamang ay magkakilala na sila.
  - C. Hindi, dahil si Liza lang ang palaging may problema at hindi nasusukat ni Ana kung kaya rin ba siyang tulungan ng kaibigan.
  - D. Oo, dahil mahaba na ang kanilang pinagsamahan at marami na silang problemang napagtagumpayan na hindi hinuhusgahan ang isa't isa.
13. “Hindi sila mapaghihiwalay dahil magkakasama sila sa ano mang gawain.” Ano ang ipinahihwatig ng kanilang pagkakaibigan?
- A. Pagdamay
  - B. Pakikisama
  - C. Katapangan
  - D. Pag-unawa sa damdamin

14. Paano ipinakita ni Ana ang kanyang pagdamay sa damdamin ng kanyang kaibigan?
- A. Sumasama ito sa mga lakad ni Liza.
  - B. Napagkakamalan silang magkapatid ng kanilang mga guro?
  - C. Pinapakopya niya ang kaibigan sa lahat ng mga pasulit at proyekto.
  - D. Naroon siya sa panahong nabigo si Liza sa pag-ibig upang dumamay at magbigay payo.
15. Paano naman ipinakita ni Liza ang pagtanaw ng Utang na Loob sa kaibigan?
- A. Binilhan niya ito ng bagong damit at sapatos.
  - B. Pinapakopya niya ito sa pasulit at takdang-aralin
  - C. Kinausap niya ang kasintahan ni Ana na bigyan ito ng sorpresa para sa kaarawan.
  - D. Dinamayan din niya ito sa panahong umiiyak ang kaibigan dahil sa alagang aso.



## Karagdagang Gawain


### Gawain 8: Kilos sa Pakikipagkaibigan

**Panuto:** Magmuni-muni sa iyong sarili. Ano ang estado mo bilang isang kaibigan? Itala ang mga angkop na kilos na maaari mong idagdag upang mapaunlad pa ang iyong pakikipagkaibigan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

<b>Kilos Ko sa Pakikipagkaibigan</b>	
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

### Rubrik sa pagtala ng angkop na kilos sa pakikipagkaibigan

<b>Pamantayan</b>	<b>Napakahusay (10 puntos)</b>	<b>Mahusay (8 puntos)</b>	<b>Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)</b>
Angkop na kilos sa pakikipagkaibigan	Nakatala ng 5 karagdagang angkop na kilos sa pakikipagkaibigan	Nakatala ng 3 karagdagang angkop na kilos sa pakikipagkaibigan	Nakatala ng 2 karagdagang angkop na kilos sa pakikipagkaibigan
<b>Kabuuan</b>			



## Susi sa Pagwawasto

- Subukin**
1. A
  2. D
  3. D
  4. B
  5. D
  6. D
  7. D
  8. D
  9. C
  10. C
  11. B
  12. B
  13. C
  14. D
  15. B

- Balikan**
1. /
  2. X
  3. /
  4. /
  5. /
- Pagymanin**
- Gawain 3**
1. Pag-unawa sa damdamin
  2. Magbonding
  3. Huwag manghanga
  4. Pagtanaw ng utang na loob
  5. Pagpapadama ng presensya

- Tayahin**
1. D
  2. D
  3. C
  4. C
  5. B
  6. B
  7. C
  8. D
  9. B
  10. A
  11. D
  12. D
  13. B
  14. D
  15. D

# ***Sanggunian***

## **Aklat**

Bognot, Regina Mignon C. et.Al. *Edukasyon sa Pagpapakatao 8 Modyul ng Mag-aaral*. Pasig City, 2013.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)